

7116

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-41 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 20 NOBYEMBRE 2000, 9:06 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Sifrel, Jr.
Konsehal Jesus S. Dela Cruz
Konsehal Cesar T. Batcos
Konsehal Ramil O. Dimapilis
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.
Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Mao Arlene M. Talens
Konsehal Eduardo G. Villamin

- Tagapangulo

- Pangulo, Liga ng mga Barangay

Hindi Nakadalo

Konsehal Randy P. Valencia

- Pangulo, Liga ng Sangguniang
Kabataaan

KAPASYAHAN BLG. 110
Taong 2000



KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA PAMUNUAN NG ROXAS COLLEGE SA PAGPAPAGAMIT NG KANILANG LUGAL AT MGA PASILIDAD SA MATAGUMPAY NA PAGDARAOS NG ROXAS MINI-OLYMPICS 2000 KAUGNAY NG IKA-52 TAONG PAGKAKATATAG NG ROXAS, SILANGANG MINDORO

SAPAGKA'T, ang pagkakatatag ng bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay ipinagdiriwang tuwing Nobyembre 15 ng bawat taon kung saan iba't iba ang paraan ng paggungitang isinasagawa ng Pamahalaang Bayan ng Roxas.

SAPAGKA'T, ngayong ika-52 taong pagdiriwang ng pagka-bayan ng Roxas, Silangang Mindoro napagkaisahan ng komiteng nakaatas dito na magsagawa ng isang mini-olympics kung saan ay nilahukan ng mga ahensya ng pamahalaan at pribadong sektor;

SAPAGKA'T, ang mini-olympics na ito sa mga palarong softball, volleyball, track and field events, mga palaro ng lahi at chess ay gINANAP sa loob ng compound ng Roxas College kung saan ang loobang paglalaruan ay isinaayos pa ng pamunuan ng dalubhasang ito,

SAPAGKA'T, ang pakikiisa at pakikipagtulongang ito ng pribadong sektor ay isang malaking suporta sa pagtatagumpay ng pagdiriwang ng okasyong nabanggit at isang



magandang halimbawa ng mahusay na pagseesamahan ng mga mamamayan at ng pamahalaan tungo sa isang maganda at marangal na adhikain; at

SAPAGKAT, napagkaisahan ng Sangguniang Bayang Ito na ipaabot sa pamunuan ng Roxas College ang tauspusong pasasalamat sa kanilang suporta sa pamamagitan ng pagpapagamit ng kanilang lugar at pasilidad sa pagdarao ng Roxas Mini-Olympics 2000 kaugnay ng pagdiriwang ng Ika-52 taong pagkakatatag ng Roxas, Silangang Mindoro.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Ramil O. Dimapilis na sinang-ayunan ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot ang tauspusong pasasalamat sa pamunuan ng Roxas College sa pagpapagamit ng kanilang lugar at mga pasilidad sa matagumpay na pagdarao ng Roxas Mini-Olympics 2000 kaugnay ng Ika-52 taong pagkakatatag ng Roxas, Silangang Mindoro.


IPINASYA RIN na padalhan ng slip ng kapasyahang ito ang pamunuan ng Roxas College sa pamamagitan ni Gng Buenafior S. Yason para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

PINAGTIBAY ng lahat : 20 Nobyembre 2000


PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


GONZALO C. SINEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan

pilz/